

TroFCCA

Tropical Forests and Climate Change Adaptation
PHILIPPINES



Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang maaring maapektuhan (vulnerable) sa pagbabago ng klima. Ang ekonomiya ng Pilipinas ay nakasalalay sa mga sektor na sensitibo sa pagbabago ng klima (halimbawa: agrikultura, pagpapastol, pangangisda at panggugubat). Ang epekto sa mga sektor na ito ay potensiyal na makahahadlang sa pag-unlad ng ating bansa. Ang kagubatan ng Pilipinas ay isa sa mga pinakamayaman sa samutsaring hayop at halaman sa buong mundo. Ito ay isang *'common pool resource'* at ang ka-ayusan ng pangangasiwa ng gubat ay siyang magtutukoy kung paano maapektuhan ang mga komunidad na nakapaloob at napapaligiran nito.

Ang gubat ay isa sa mga nangungunang sektor na importante sa pag-aakma (adaptation) at pagsasaayos sa nagbabagong klima sa Pilipinas. Ito ay bahagi ng sektor na pangkabuhayan, at nagsisilbing bantay ng kalikasan laban sa labis na tagtuyo at pag-ulan dulot ng El Niño at La Niña.

Ano ang TroFCCA?

Ang Tropical Forests and Climate Change Adaptation (TroFCCA)-Philippines ay bahagi ng isang pandaigdigang pagpapasimuno (global initiative) na pinangangasiwaan ng European Union, at isinasakatuparan ng Center for International Forestry Research (CIFOR) sa iba't ibang bahagi ng mundo katulad ng West Africa (Mali, Burkina Faso, Ghana) Central America (Nicaragua, Ghana at Mali), at Southeast Asia (Indonesia at Philippines). Sa Pilipinas, ito ay isinasakatuparan ng World Agroforestry Centre o ICRAF.

Ang aming mga Layunin:

Isa sa mga layunin ng TroFCCA-Philippines ay ang makipag-ugnayan sa mga stakeholders sa pakikipagtulungan ng lokal, nasyonal at rehiyonal na antas sa pamamagitan ng:

- Pag-organisa ng madalas na pag-uusap tungkol sa polisiya (policy dialogues) sa kung paano paghandaan at pakibagayan ang pagbabago sa klima.
- pagkilala at pangunguna ng mga sektor at komunidad sa kagubatan na madaling maapektuhan (vulnerable) ang kabuhayan at ang pangbansang kaularan.
- pamumuno sa rehiyonal at internasyonal na pagtutulungan (collaborations) sa mga pagsusuri ng mga paraan ng pagaakma (adaptations) sa pagbabago ng klima
- pagdagdag sa pambansang kapasidad sa paggamit ng datus pangklima (climate data) para sa pagdedesisyon at pagbuo ng mga batas sa "fine temporal" at "spatial scale" (mula sa kabahayan "household level" hanggang sa pambansang antas "national level")
- pag-suporta sa "national adaptation plans of action" (NAPA), at ang "Philippine Second National Communications" ng United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC)
- Pagsusuri at pagtitipon ng mga impormasyon sa pagbabago ng klima sa pilipinas at ang pagpapamahagi nito sa mga mambabatas.

Mga Paraan ng Pagpapatupad ng Proyekto: (Approach)

Bilang bahagi ng *'global network programme'*, ang pagsasakatuparan ng TroFCCA *'approach'* sa iba't ibang bahagi ng mundo ay natatanging paraan upang mapadali ang pagkukumpara nito sa mga kasamang rehiyon.

Pagaakma (Adaptation) bilang bahagi ng polisiya sa pagpapaunlad ng bansa

Ang istratehiyang ito ay tinitingnan ang pananaw ng mga gumagawa ng polisiya. Ito ay nangangailangan ng pagpapatibay ng pag-uusap ng siyensia at polisiya sa pamamagitan ng nararapat na konsultasyon. Ang prosesong ito ay magsasaliksik ng isyu sa pagunlad (developmental issues) na kung saan ang mga aktibidades ng TroFCCA ay magsisimula.

Kasama sa istratohiyang ito ay ang pag-aaral ng perspektibo ng mga kasapi "policy actors". Ito ay nangangailangan ng pagpapatibay ng alituntunin agham dayalogo sa pamamagitan ng mga kaukulang konsultasyon. Ang prosesong ito ang tutukoy sa mga isyung pangkaunlaran kung saan nakatuon ang aktibidad na pang rehiyon ng TroFCCA.

Pagsusuri sa kung paano maapektuhan (Vulnerability), hindi sa epekto (not impacts)

Ang pagsusuri ay tumutukoy sa pamayanan at sa kagubatan. Pagsasaayos ng batayan at mga palatandaan kung paano maapektuhan ang kasalukuyan at mga panghinaharap na pagbabago ng klima at ang mga kaibahan o pabagu-bagong panahon ay mapapaunlad o maisasaayos sa pamamagitan ng mga polisiya ng gobyerno.

"Landscape Level Focus"

Ang gubat bilang bahagi ng kalikasan ay magiging mahalagang usapin sa pagsusuri kung paano ito naaapektuhan. Ang mga paraan ng pag-aakma ay masasaliksik ayon sa anyo ng kapaligiran, pagtukoy sa bahagi na ginagampanan ng "landscape heterogeneity" sa pagbibigay ng maraming produkto at serbisyong galing sa kalikasan.

Mga Produktong magmumula sa proyektong ito:

Pagsama ng pag-aakma (adaptation) sa polisiya na magsisiguro ng seguridad ng hanapbuhay laban sa pagbabago ng klima at tungo sa pagkamit ng MDGs

Pagpapalawak ng "current user-database" ng impormasyon tungkol sa nagbabagong klima, agrikultura, paggugubat at patubig sa bansa. (IEC)

Pagbuo ng kapasidad ng mga maaapektuhan (stakeholders) sa paggamit ng impormasyon hinggil sa pagbabago ng klima (climate change), climate risks/hazards at mga programang makakatulong sa pagunlad ng bansa (national development).

Pagbibigay at pagsaliksik ng impormasyon galing sa mga komunidad tungkol sa pagbuo at pag-integrate ng istratohiya ng pagaakma (adaptation) at mga panibagong polisiya.

Para sa pangkaragdagan kaalaman at katanungan, mag-email:

Global Coordinator: Johnson Nkem (j.nkem@cgiar.org)

Southeast Asia Coordinator: Heru Santoso (h.santoso@cgiar.org)

Scientist (Philippines): Rodel D. Lasco (r.lasco@cgiar.org)

Research Assistant (Philippines): Rafaela Jane P. Delfino (r.delfino@cgiar.org)

Website: www.cifor.cgiar.org/trofcca
www.worldagroforestrycentre.org/sea

Pagsasalin ni: Patricia Ann J. Sanchez

Paglalatag ni: Rafaela Jane P. Delfino

Mga larawan nina: Grace Villamor, Jerome Alano at Rafaela Jane Delfino mula sa ICRAF-database

Ang dokumentong ito ay nalikha mula sa tulong-pinansiyal ng European Union. Ang mga impormasyon napapaloob dito ay siyang tanging responsibilidad ng mga may akda.

2009. TroFCCA-Philippines Flyer. Pangalawang Version.